



Muling binubuksan ng Lungsod ng Brampton ang mga banyo sa piling malalaking parke sa araw na ito, Hunyo 19

BRAMPTON, ON (Hunyo 19, 2020) – Bilang bahagi ng plano sa muling pagbubukas at pagbangon ng Lungsod ng Brampton, ang mga banyo sa piling malalaking parke sa Brampton ay muling nagbubukas sa araw na ito, Hunyo 19.

Seryosong hinaharap ng Lungsod ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad, at habang muling nagbukas ang mga parke sa ating komunidad, ang mga banyo ang susunod na hakbang para matiyak na ang mga residente ay may access sa kinakailangang amenity na ito.

Magbubukas ang mga banyo Lunes hanggang Biyernes mula 4 hanggang 9 PM, at sa Sabado at Linggo mula 9 AM hanggang 9 PM, sa sumusunod na mga parke:

- Batsman Park
- Chinguacousy Park
- Creditview Sandalwood Park
- Eldorado Park
- Gage Park
- McCandless Park
- Teramoto Park

Ang mga banyo ay may mga staff na nakaantabay para matiyak na madalas na nalilinis ang mga ito, at ipapaskil ang karatula para hikayatin ang mga residente na sundin ang mga pamamaraang pangkalusugan at pangkaligtasan.

Mga Pamamaraang Pangkaligtasan sa COVID-19

Hinihikayat ng Lungsod ang mga residente na magdala ng kanilang personal disinfectant, tulad ng hand sanitizer o wipes, madalas na hugasan ang kanilang mga kamay, umubo o bumahing sa kanilang siko at magsuot ng mga hindi medikal na mask. Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa kanilang mga partner sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa regular na mga update, at tawagan ang 311 para makontak ang Lungsod ng Brampton at ang Rehiyon ng Peel anumang oras.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca